# MAHALIN MO AKO NANG TAPAT

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie M. Rodriguez-Founder
Hulyo 13, 2024

Isang katotohanan ng buhay na sa maraming pagkakataon, kumukupas ang init ng pag-ibig at debosyon. Halimbawa, si Pedrong alagad at nagmahal kay Hesus ay binigo rin si Hesus. Itinanggi niya si Hesus ng tatlong beses. Ngunit ibinalik ng Panginoon si Pedro at siya ay naging pinuno ng simbahan. Tulad din ngayon, lahat tayo ay bahagi ng katawan ni Kristo. Kung mawala ang isa, kulang na ang Kanyang katawan. Kaya, tuwing babalik tayo kay Hesus, tatanggapin pa rin Niya tayo nang lubos.

**I. Ang malapitang pagtatagpo ng Panginoon at ni Simon Pedro**

- **a.** Ipinagmalaki ni Pedro ang kanyang pag-ibig kay Hesus (Lk.22:31-34). Ipinagdasal ni Hesus na hindi magbago ang kanyang pananalig.
- **b.** Dapat nating hikayatin ang ating mga kapatid kung sila ay nanghihina. At kung tayo naman ang mahina, magpapadala ang Diyos ng taong hihikayat sa atin.
- **c.** Ang kabiguan ni Pedro - itinanggi niya si Hesus ng tatlong beses (Mt.26:69-75).
- **d.** Manatili tayong malapit kay Hesus, huwag tayong lalayo sa Kanya.

**II. Ang kabiguan ni Pedro**

- **A. Itinuon ni Pedro ang kanyang mata kay Hesus (Mt.14:27-29**). Sinabi ni Hesus sa kanila: lakasan ninyo ang inyong loob!
- **B. Nawalan ng pokus si Pedro.** Naglakad sa tubig si Pedro, ngunit nang mapansin niya ang hangin, siya'y natakot at nagsimulang lumubog. Huwag nating tignan ang ating kalagayan.
- **C. Humingi siya ng tulong (Mt 14:30-41**). Kahit kasama nila si Hesus, ang takot at pagkabalisa ang umihip sa kanilang pananalig (Mk.4:30).
- **D. Nabago si Pedro**. Lalong lumalim ang relasyon niya sa Diyos.
- **E. Natulog si Pedro sa halip na manalangin kasama si Hesus (Mt.26:36-37**). "Ang aking kaluluwa ay puno ng kalungkutan. Magbantay at manalangin upang hindi matukso."
- **F. Gumamit si Pedro ng sandata**. Binunot niya ang kanyang espada, ngunit sinabihan siya ni Hesus na ibalik ito.
- **G. Si Pedro ay pabigla-bigla.** Sa Bundok Tabor, agad-agad siyang nag-alok na maglagay ng tatlong kubol (Mt.17:1-4).
- **H. Walang dudang ipinahayag ni Pedro, "Kayo po ang Mesias."** At sinabi naman ni Hesus, "Ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito itatayo Ko ang aking iglesia" (Mt.16:13-19).
- **I. Nakita ni Pedro na napaligiran siya ng mga kaaway ng Panginoon.**
    - Mag-ingat tayo kung sino ang ating sinasamahan, baka mailigaw nila tayo.
    - Ito rin ang simula ng *backsliding*. Sa halip na mapalapit, lalo tayong mapapalayo.
      1. Buhay espiritwal. Tumitigil na tayong magdasal at magbasa ng Bibliya.
      2. "Ang masasamang kasama'y sumisira sa magagandang ugali," (1Cor.15:33).

**III. Si Pedro ay naibalik**: Pinatunayan ni Pedro ang pagmamahal niya kay Hesus ng tatlong beses. Binigyan siya ng tagubilin, "Alagaan at pakainin mo ang Aking mga tupa" (Jn.21:15-25).

**IV. Ano ang natutunan natin sa kwento ni Pedro?**

1. Ang pait ng kabiguan ni Pedro (Kaw.15:13). Ninanakaw ng kasalanan ang relasyo natin sa Diyos.
2. Ang katumbas ng kanyang kabiguan. Pagkatapos niyang nagkasala, nawalan siya ng kasama, kagalakan at kapayapaan.
3. Nakabalik si Pedro. Lahat tayo ay maaari ring bumalik kay Hesus (Mt.26:33).

**Konklusyon:** Bumalik si Pedro kay Hesus. At sa pamamagitan niya, naitayo ang simbahan. Binigyan ni Hesus si Pedro ng mahabang buhay. Huwag tayong umalis sa komunidad, sama-sama tayong manalangin. Makapaglilingkod pa nang matagal ang may mga edad.

**Pagninilay:** Ano ang kailangan mong gawin o pagbabago ngayon? Masigla pa rin ba ang iyong buhay panalangin? Gaano kadalas ang pagbabasa mo ng Bibliya? Nanlalamig ka na ba sa iyong paglilingkod?

**SCRIBES Ministry**
Isinalinni: Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
website:https://lordsflock.org/digests
Tags: #Pag-ibig #Pagbabalik #Pagsisisi